

Ano ang Fentanyl?

Ang Fentanyl ay inireresetang gamot na may mahahalagang medikal na gamit para sa malubhang pananakit kapag inireseta ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, pero posibleng gamitin at ibenta rin ito sa merkado ng droga sa kalsada.

Ang hindi legal na fentanyl ay ginagawa sa mga pansamantalang lab at ibinebenta sa iba't ibang anyo, tulad ng mga pulbos, nasal spray, o ginagawang pills na mukhang mga inireresetang gamot.

Maaaring ihalo ang fentanyl sa ibang droga, tulad ng heroin, cocaine, methamphetamine, at ecstasy. Kapag inihalo ito sa ibang droga, hindi mo ito makikita, maaamoy, o malalasaan. Mapanganib ito at posibleng humantong sa aksidenteng pag-overdose.



Overdose at Naloxone

Kapag nakaranas ang mga tao ng pag-overdose sa opioid, kasama ang fentanyl, **una ay inaantok sila.**

Pagkatapos ay maaaring bumagal ang kanilang paghinga, na may kasamang tunog na parang nabibilaukan o humihilik – **o maaaring tumigil ang kanilang paghinga** – na maaaring humantong sa coma, permanenteng pinsala sa utak, o kamatayan.

Maaaring maging **lampa ang kanilang katawan,** maging **maputla o pawisan ang kanilang mukha,** at **mahina o mabagal ang kanilang pulso.**

Tumawag agad sa 911 kung may hinala kang nag-overdose ang isang tao para makatanggap siya ng agarang medikal na atensyon.



Kung mayroon kang Naloxone, gamitin ito.

Ang Naloxone ay isang gamot na kayang pansamantalang baliktarin ang epekto ng pag-overdose sa opioid, kasama ang fentanyl, kapag ibinigay ito kaagad.

Dahil mas malakas ang fentanyl kaysa ibang drogang opioid, maaaring ilang dosis ng Naloxone ang kailanganin nito.